## Wala Ka Pang Nakikita
## A Lord's Flock Worship Service Topic

Ni: Sis. Mik R. Flores, Head Servant
Enero 3, 2026

Habang sinisimulan natin ang 2026, maraming tao ang excited kung ano ang darating; ngunit may ilan na nangangamba dahil ang 2025 ay baka hindi magandang taon. Ngunit, kung may tiwala tayo sa Diyos, alam natin na inayos na Niya ang lahat ngayong taong ito. Siya rin ay progresibo, nagtatayo, at gumagawa sa likod ng mga pangyayari gamit ang Kanyang makapangyarihang kamay. Dagdag pa nito, Siya ay Diyos ng mga bagong kahanga-hangang bagay, laging binabago ang Kanyang pamamaraan para sa atin, ngunit hindi nagbabago ang Kanyang ugali. "Tingnan ninyo, gagawa ako ngayon ng bagong bagay, ito'y sisibol…'' (Isa. 43:19). Kaya, maging excited tayo sa paghihintay. Malapit na tayong "ma-WOW" ng Diyos! dahil wala pa tayong nakikita.

1. **Hindi alam ng ating Diyos ang salitang "imposible."** (Mt 19:26). Kung titingnan natin ang ating buhay, limitado lamang ang ating nakikita (araw-araw na krisis, pagsubok, masamang sitwasyon). Pero, nakikita ng Diyos ang hindi gaanong magandang panahon bilang perpektong background para maipakita ang Kanyang kaluwalhatian at kapangyarihan na ito pala'y isang set-up sa hindi inaasahang victory .
2. **Binago ni Hesus ang mga parang di maganda na mga tagumpay na hindi inaasahan:**

**2.1 Walang alak sa kasal (Jn. 2**). Noong unang panahon, ang maubusan ng alak ay malaking kahihiyan sa mga ikakasal, ngunit ginawa ni Hesus ang anim (6) na banga ng tubig na pinakamasarap na alak na ang imposible ay naging posible.

**2.1.1** Ang Diyos na hindi nagbabago ay ginagawa Niyang mabuti ang masama. Kaya ang susi ng tagumpay ay pagsunod sa Diyos.

**2.2 Agaw-buhay ang anak na babae ni Jairus (Mk. 5).** Hiniling ni Jairus na pagalingin ang kanyang anak, ngunit naantala si Hesus dahil sa babaeng dinudugo. Kaya, namatay ang anak na babae na naging dahilan ng kalungkutan at kawalan ng pag-asa ng ama. Sa wakas nagpunta si Hesus kay Jairus at binuhay ang anak nito. (Mk. 5:39-41).

**2.2.1**. Kung nararamdaman natin na ito'y parang katapusan na, at hinihiling ng Diyos na maghintay tayo, ginawa na Niya ang kawalan ng pag-asa na maging "wow" na pagkakataon upang maipakita ang Kanyang kaluwalhatian.

**2.2.2** Ngayon, sinasabi ni Hesus, "Bumangon ka!" kung ibinagsak na tayo ng mga problema. Maging handa tayong tanggapin ang mga kamangha-manghang bagay na ginagawa ng Diyos sa atin.

**2.2.3** Ang Kanyang pinakamahusay ay hindi ang kawalan ng kaguluhan. Hindi man Niya tayo maaalis sa ating kinalalagyan ngayon, ngunit kasama naman natin Siya. Kahit alam natin na nasa masama tayong sitwasyon, pinaka-best naman ang ating kasama magpakailanman.

**2.3 Ang Pagkamatay ni Lazarus (Jn. 11).** Narinig ni Hesus ang tungkol sa sakit ng kanyang kaibigan ngunit hindi Siya kaagad dumating. Gusto Niyang gamitin ang backdrop na ito para ipakita na Siya ang "muling pagkabuhay at buhay."

**2.3.1** Minsan, para tayong si Marta: "Bakit pinahihintulutan ng Diyos ang masamang bagay na mangyari?" Tingnan natin na ang ating Diyos ay kaya Niyang gawing posible ang lahat!

**2.4 Ang Red Sea (Exodo).** Ang mga Israelita ay na-trap sa gitna ng hukbo at sa Red Sea. Noong inakala nila na wala silang madadaanan, ipinakita ng Diyos ang isang malawak na daanan.

**Konklusyon**: Lumakad tayo ngayong 2026 na may pananalig, hindi sa nakikita. Nakikita ng pananalig ang masasamang pangyayari bilang mga pagkakataon "ma-wow" tayo ng Diyos. Ang pananalig ay hindi takot kahit sa pinakamadilim na lambak. Naniniwala ang pananalig maski walang dahilan para maniwala. Nakikita ng pananalig na ang Diyos ay higit na malaki kaysa sa anumang nakita nating malaki. Ang ating Diyos ay kumikilos para makagawa ng isang bagay na dakila, na hindi abot ng ating isipan.

**Pagninilay:**

1. Ano ang pumupuno sa iyong buhay ngayon?
2. Mayroon bang bahagi ng iyong buhay na namatay o hindi na lumago?

**SCRIBES Ministry:**
Isinalin ni: Thess P.Sarmiento
Na-Edit ni: Nida A. Cruz
Tags: #Bago,#Pananampalataya
https://lordsflock.org/teachings/digests